

Langilaw

By Almayrah Tiburon

“Tiyarima ka a karomangka si Aisah sabap ko kinibtaden o mahar a piyagayonan a mininggolalan ko agama a Islam?” Tanong ng Imam kay Omar habang magkakamay sina Omar at Ama, tinatabunan ng puting tela ang mga kamay nila. Pinapalibutan din sila ng ilang malalapit na lalaking kamag-anak bilang saksi. Marangyang kasalan sa isang malaking function hall sa Marawi na dinaluhan ng marami.

“Oway, tiyarima aken a karoma ko si Aisah sabap ko kinibtaden aken ko mahar a piyagayonan a mininggolalan ko agama a Islam,” tugon ni Omar.

Tatlong beses kong narinig yun mula sa labas habang nasa kwarto akong naka-gown. May kasama akong mga pinsang dalaga na maniningil ng *leka sa gibon*. Maraming ritwal sa kasalang Meranaw. Isa na ang *leka sa gibon*, maliit na halagang sinisingil sa lalaki ng malalapit na mga pinsang dalaga ng babaeng ikakasal. Nag-usap-usap silang hindi pagbubuksan si Omar kung hindi maibigay ang kanilang singil.

Hindi man kami magkakilala o naging magkaibigan ni Omar, nangako ako sa sarili na lagi-lagi ang aking pang-unawa at paggalang, na ipapakilala ang pagkalinga at pagdamay, na bubuo kami ng pangarap at tahanang puno ng pag-asa at kaligayahan. Sa araw na ito ay hindi lamang mabubuklod ang aming *bangsa* kundi magsasama kami bilang panghambuhay na kasunduan.

Matapos kong marinig ang *dua’a*, alam kong sa ilang saglit pa’y kakatok si Omar kasama ng kanyang pamilya sa kwartong kinaroroonan ko bilang tanda na kasal na kami.

Nasa kulturang Meranaw ang parental marriage. Natakot ako noon ngunit hindi ako nahirapang mahalina si Omar, bukod sa mapagmahal ay mabait din. Limang taon na kami at may dalawang supling, si Ajeeb na mahigit tatlong taong gulang, at si Zainal na sampung buwan pa lamang. Sa aming pagsasama, wala akong maalaalang naging mabigat na problema. Kung meron ma’y madali naming nareresolba.

Natapos ang pagninilay ko nang maramdamang gumalaw si Ajeeb, tinanggal ang kanyang kumot. Ibinalik ko ang kumot at niyakap. Pinakiramdaman, mukhang tulog na. Dahan-dahang bumaba ng kama. Sinilip ko si Zainal sa duyan, tulog na tulog. Hinarap ko ang laptop, gumawa ng activities para sa aking online classes. Alas dos na nang madaling araw ako natapos. Nagsimulang mangulit ang migraine ko. *“Miyarbak pen a langilaw aya,”* usal ko. *“Kailangan kong matulog dahil maaga pa ako bukas.”*

Muli akong nagising dahil tumunog ang alarm clock. Parang masama ang loob kong bumangon dahil sa bilis ng oras. Kahit naaalimpungata’y tinungo ang kusina.

Gumawa ng pang-almusal nina Omar pati pananghalian dahil gabi na ako darating.

Mabigat ang dibdib ko na tila dinadaganan ng malaking bato tuwing umaalis ng bahay. Habang nagmamaneho, naalaala ko si Zainal na breastfeeding. Lahat na ng paraan para sanayin na dumede sa bote ay ginawa na namin pero ayaw ng bata. Kako siguro kapag nauhaw siya'y dedede rin. Si Ajeeb na sa kakulitan ay baka madapa at magkasugat. Kung ano-ano na ang naisip kong maaaring mangyari habang wala ako.

"Ashi!" Tawag ko sa matalik kong kaibigan habang kumakatok. Agad akong pinagbuksan. Pagpasok ko'y halatang kababangon lang niya.

"*Rila ka sii ako reka di makapagapas,*" wika ko. "Hindi pa kasi kami nakakabitan ng internet," dugtong ko habang inilalabas sa bag ang laptop.

"Okey lang, *da a moskila on,*" tugon niya habang itinatali ang buhok.

Gawa ng pandemya'y napilitan ang gobyernong magkaroon ng online classes. Bilang guro sa kolehiyo, nahirapan akong isakatuparan ang aking misyon dahil kalakip ng pagtuturong ito ang internet bukod pa sa sakit sa mata at pag-atake ng migraine ko sa buong araw na nakatutok sa kompyuter."

Matapos makapagklase ay sinadya ko ang Wise Net. Papasok ng eskinita ang kinaroroonan nito. Masakit sa balat ang tindi ng araw habang naglalakad.

"*Assalamu Alaykum.*"

"*Alaykumisalaam,*" tugon ng may-ari.

"*Kaka, kumusta so aplikasyon aken sa internet? Tatlong buwan na akong pabalik-balik dito.*"

"*Aya osto niyan na kiyalenganan kami sa manga materyal. Kung gusto mo, ililista namin ang mga bibilhin at kayo na ang maghanap, kami ang magkakabit kapag nabili niyo na.*"

Biglang sumakit ang ulo ko sa sinabi niya. Ramdam ang nakalutang na kumukulong init-araw. Wari'y patay ang hangin. Gusto kong sabihin na sa tagal ay ngayon niyo lang sinabi ang totoo.

"A, ikansela ko na lang po ang aplikasyon ko. Salamat."

Nilisan ko ang lugar na dismayado. Dumaan muna ng palengke upang may bitbit pauwi ng Wato. Halos dikit-dikit ang bahay nilang magkakapatid. Ang bahay ni Omar ang pinakamalaki at may malaki ring terrace. May bakanteng lote sa kaliwa kung saan dito ang ginawang parking lot ng magkakapatid. Sa bahay na ito ginaganap ang lahat ng okasyon ng pamilya. At dito namin napiling manatili para may kasama siya na mga kamag-anak niyang titingin sa mga bata tuwing wala ako.

Makulimlim na ang gabi nang makarating. Habang nagpa-park, nakita kong karga ng asawa ko si Zainal sa terrace at nasa tabi nila si Ajeeb. May mga kasama silang kamag-anak na nakatambay rito. Araw-araw ay hindi mawalan ng tao ang terrace. Excited sa akin ang dalawang bata. Ito palagi ang senaryo tuwing umuuwi

ako – inaabangan ako.

Si Omar ang laging kasama ng mga bata dahil umuwi ang katulong namin sa kanyang pamilya. Engineer si Omar at labingtatlong taon sa ibang bansa. Nang makasal kami’y piniling manatili rito. Nagtrabaho sa DPWH ngunit ilang buwan pa lamang ay isa sa mga apektado nang maaprubahan ng batas na maging BARMM ang ARMM, kasama sa maraming tinanggal na empleyado at sinabing magre-apply sila.

Hatinggabi. Nagising si Omar. *“Ino ka pen anan m’naw? Matulog ka na.”*

“Phagilayangka so manga wata. O khaparo a sii kano bu sa kwarto o di na sa sala,” pag-aalala ko. “Mahirap na kasi baka may masagap na sakit dyan sa labas,” dugtong ko.

“Di ka pekhawan agu dingka phakaaawida akal ka, Aisah,” tugon niya upang mapanatag ako. “Kumusta ang araw mo?” Dugtong niya.

“Inatake ako peman a langilaw,” tugon ko. “Mabuti nawala rin. Dahil sa online classes ay lagi akong inaatake ng migraine.”

“Naino ka InshaALLAH na khada bu a COVID aya. Babalik din ang lahat sa dati pati ang classes na face to face.”

“Saribanglaon na kaiko mapasad ako k’las na somiyong ako sa Wise Net na inikansel aken so aplay aken. Da bes a penayawn kiran ka kiyalenganan siran sa materyal. Kung sana may materyal sila’t nakabitan tayo ng internet ay nakabalik na tayo ng Marawi.”

“Na aden pen a ped a pethaod sa internet. Kapag may oras ay punta tayo para magpakabit.” Masaya akong natulog dahil sa sambit niya.

Nagising ako. Hinila ni Omar ang kumot. Namaluktot sa pagkakahiga. Hinaplos ko ang kanyang noo. Mataas ang trangkaso. Bumilis ang tibok ng puso ko. Dali-dali kong kinuha ang thermometer. Inayos ko at inilagay sa kanyang kili-kili. Ilang saglit pa’y tumunog ito. 38.6 Celsius. Nataranta akong kumuha ng gamot. Pinainom ko siya. Nananalangin na hindi siya nagka-COVID. Ilang saglit pa’y narinig ko ang malalakas niyang hilik.

Kinaumagahan matapos kaming makapag-almusal ay inihanda ko ang plangganang may mainit na tubig, pinagtuob ko siya at matapos ang ilang minuto’y umupo siyang basang-basa ng pawis. Nagpakulo ako ng luya at katas ng kalamansi at ipinainom sa kanya.

“Tona i maggdam ka imanto?” Tanong kong nag-aalala.

“Mapiya den. Ordinaryong trangkaso lang. Salamat ko kasisiyapangka raken,” tugon ni Omar.

“Mas maraming salamat sa pag-aalaga mo sa mga bata tuwing wala ako,” wika ko sa kanya at niyakap.

Mahigit tatlong buwan na nang sadyain namin ng asawa ko ang isa pang nagkakabit ng internet ngunit gaya ng una, paasa ring maituturing.

“Nakikita ninyo ako? Naririnig ninyo ako? Malinaw ba?” Ang sunud-sunod kong tanong sa aking klase. Nagsimula ang migraine ko. Habang ibinibigay sa mga mag-aaral ang instructions para sa gagawing finals ay lalong tumitindi ang atake nito. Nang matapos ang huling sabdyek ay nagpaalam ako kay Ashi.

Sa daan ay matindi ang traffic dahil sa ginagawang kalsada. Ilang oras na hindi umuusad. Naramdaman ko na ring nagugutom ako. Pero mas matindi ang pag-aalala ko sa aking pamilya. Baka umiiyak ang mga bata, baka nagugutom sila, baka hinahanap na nila ako, baka nag-aalala sa akin ang asawa ko, baka kung ano na ang nangyayari sa kanila.

“Hello. *Kumusta so manga wata?*” tanong ko kay Omar sa kabilang linya.

“*Kataya si Zainal a pengguraok ka susu. Pekhararangitan oman akenun ibegay so sosowa iyan,*” wika niya habang naririnig ko ang palahaw ng bata na tila nakikipag-unahan sa lakas ng ulan. “Baka sayo dedede,” dugtong pa niya.

“*Miyakapiya. Anda si Ajeeb?*”

“*Kagiya ka niyan bu dinggilobaan. Nakatulog sa kaiiyak.*”

“*Miyattraffic ako saya sa Marantao ka so karsada a phagompiyaan.*”

Naputol ang linya. Lowbat ang phone at hindi ko nadala ang charger pati ang power bank ko na nakalagay sa pouch. Sa pagmamadali kanina ay nakalimutan kong dalhin.

Lumala lalo ang sakit ng ulo ko. Tila humihinga ang kaliwa nito. Nasusuka ako. Pero mas matindi ang pag-aalala ko sa aking pamilya. Magtatatlong oras na’y saka pa lamang umusad ang mga sasakyan. Pinaharurot ko ang aking sasakyan. Gusto ko nang makarating.

Habang nagmamaneho ay hindi na malinaw ang paningin ko hindi dahil sa lakas ng ulan.

“*Lailahailallah,*” ang nausal ko.

Dinig na dinig ko ang abalang *wiper*, ang lakas ng ulan, mga busina ng sasakyan tuwing dumadaan dahil gustong unahan ako, at ano pa mang maliliit na tunog mula sa labas. Ganito ang nangyayari tuwing inaatake ng migraine, kahit mga mumunting tinig na ayaw kong marinig ay nagpupumilit pumasok sa tenga ko. Pinabagalan ko ang sasakyan. Nahihilo na ako at nasusuka. Tila gustong lumuwa ng mga mata ko. Baka dahil walang tulog kagabi at magdamag sa kompyuter.

Pumikit ako’t hindi namalayang naidlip. Isang napakalakas na tila galit na galit na busina ang narinig ko mula sa papalapit na sasakyan. Nakabubulag ang ilaw nito. Sa gulat ko’y natapik ko ang busina at natarantang pagiwang-giwang ang sasakyan. Mabuti’t nagawa kong mailiko ito sa kaliwa. Ramdam ang malakas na tibok ng puso ko, nahahirapang huminga, at lalong tumitindi ang sakit ng ulo. Walang makatutulong sa akin kundi tanging ako lang. Huminga ako ng malalim. Pinakalma ang sarili. “*Di pasin khapakay a lumarga ako,*” utos ng isip ko. “Kelangan

ko munang manatili rito.”

Nilibot ko ang paningin sa paligid. Lalong lumalakas ang ulan, kinabahan ako dahil pakiramdam ko matatangay ang sasakyan ko’t sasama sa agos ng tubig. Wala pa namang mga bahay sa paligid, mga nakahilerang punongkahoy lang na tila nag-uusap-usap, na pakiramdam ko’y ako ang kanilang pinag-uusapan. Naghari ang dilim na parang may piring ako sa mga mata. Hindi ko alam kung nakatulog ako ng tuluyan o hinimatay.

Nagulat ako sa malalakas na katok sa bintana. Dalawang lalaki ang nakasilip. Parehong nakadyaket at suut-suot ang hood nito, pinilit kong kilalanin ngunit hindi malinaw ang paningin ko, ramdam pa rin ang paghinga ng ulo ko dahil sa *migraine*. Ibig kong umatras pero hinarang ako ng sandalan ng upuan. Ang kaba ko’y tila abot langit. Tinitigan ko ang lalaking mas malapit sa bintana.

“*Ey, saken aya! Transfer ka roo ka saken i pendrayb,*” wika ni Omar. Sa likuran niya ang kapatid na si Saad.

Binuksan ko ang pinto ng sasakyan at agad lumipat sa kabilang upuan. Pagpasok niya’y niyakap ko siya’t humagulgol ako. Hindi nagsasalita si Omar, ako ang hinihintay na magkuwento. Umandar ang sasakyan.

Hindi ko alam kung paano namin pinalipas ang mahigit isang taon. Marami nang nangyari. Wala na ang pandemya. Nagsimulang mag-aral si Ajeeb at napakalikot ni Zainal.

Sabado. Namalengke kami ni Omar. Bumaba ako’t iniwan siya kasama ng mga bata sa sasakyan.

“*Kataya so manga s’da a bagu. Pamimili kaon den,*” wika ng tindera.

“*Pipira?*” Tanong ko.

“*A, so galunggong na P280.00 so kilo, melagid siran ko tilapia. So odang na P550.00 so kilo.*”

Napalunok ako sa mga presyo. Bumalik ako ng sasakyan na sa dalang P3,000.00 ay ilan lang ang bitbit.

“*Ino ka anan makaddmo? Anong problema?*” Tanong ni Omar.

“*Miyamakalala i arga so langowan a phamasaan!*” Tugon ko habang inilalagay ang sukling barya sa wallet.

“*A, banda pembawi siran. Karereg’nan a Pilipinas,*” paliwanag niya. “Alam mo namang nalugi ang marami noong pandemya. Malaking utang ngayon ng bansa. Tumaas ang mga bilingin kasi tumaas ang buwis. Ito ang panibagong problemang haharapin ng mamamayan,” dugtong pa.

Masama ang loob ko nang lisanin namin ang palengke. Nakaka-*migraine*.